IMPORMASYON PARA SA MGA EMPLEADO

Tungkol sa mga Oras ng Pagtatrabaho at Bayad para sa Overtime

Ontario

1 ng Marso, 2005

Ang dokumentong ito ay ginawa ng Direktor ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards) alinsunod sa seksiyon 21.1 ng Batas para sa Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Employment Standards Act, 2000). ***Mangyaring basahin nang maigi ang dokumentong ito at siguraduhin ninyong naiintindihan ninyo ang inyong mga karapatan.*** *Kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) kung mayroon kayong mga katanungan.*

Ito ang mga pangkalahatang tuntunin sa Ontario tungkol sa

- mga oras ng pagtatrabaho at
- bayad para sa overtime.

May mga eksepsiyon at mga tuntuning pasadya para sa ilang mga empleado na alinsunod sa Batas para sa Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Employment Standards Act, 2000)

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin nang walang-bayad ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) sa 1-800-531-5551.

Pinakamaraming Oras ng Pagtatrabaho sa Isang Araw

Kayo ay hindi mapipilit magtrabaho ng higit sa:

- 8 oras sa isang araw
  o
- mga bilang ng oras sa inyong regular na araw ng pagtatrabaho, kung higit ito sa 8 oras

Kung nais ninyo, puwede ninyong pagkasunduan ng inyong pinagtatrabahuhan sa isang nakasulat na kasunduan na kayo ay magtatrabaho ng mas maraming oras. **Hindi ninyo kailangang pirmahan ang kasunduan kung ayaw ninyong magtrabaho ng mas maraming oras.**

Pinakamaraming Oras ng Pagtatrabaho sa Isang Linggo

Kayo ay hindi mapipilit magtrabaho ng higit sa 48 oras sa isang linggo.

Kung nais ninyo, puwede ninyong pagkasunduan ng inyong pinagtatrabahuhan sa isang nakasulat na kasunduan na kayo ay magtatrabaho ng mas maraming oras.

Kung pumirma kayo sa isang kasunduan, kailangan ring kunin ng inyong pinagtatrabahuhan ang pahintulot ng Direktor ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards) ng Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour). **Hindi ninyo kailangang pirmahan ang kasunduan kung ayaw ninyong magtrabaho ng mas maraming oras.**

Kung kayo ay sumasang-ayon sa isang nakasulat na kasunduan na kayo ay magtatrabaho ng higit pa sa:

- **48 oras sa isang linggo, hanggang 60 oras sa isang linggo –** Puwede kayong patrabahuhin ng inyong pinagtatrabahuhan ng mas maraming oras 30 araw pagkalipas niyang mag-aplay para sa pahintulot ng Direktor, hangga't nasasapat ang ilang mga kondisyon.
- **60 oras sa isang linggo –** Kailangang may pahintulot ng Direktor ang inyong pinagtatrabahuhan **bago** kayo makakapagsimulang magtrabaho ng higit pa sa 60 oras sa isang linggo.

Hindi kayo puwedeng makapagtrabaho ng higit pa sa mga oras na pinahihintulutan ng Direktor. Maaaring mas kaunti ito sa mga oras na sinang-ayunan ninyong magtrabaho.

Kailangang ipaskil ng inyong pinagtatrabahuhan sa lugar na nakikita ninyo ang aplikasyon para sa pahintulot ng Direktor. Kung at kapag natanggap ng inyong pinagtatrabahuhan ang pahintulot ng Direktor, kailangang ipaskil ang form ng pahintulot sa lugar na nakikita ninyo.

Puwede ninyong kansilahin ang kasunduan para sa inyong pagtatrabaho ng mas maraming oras sa isang araw o sa isang linggo sa pamamagitan ng nakasulat na dalawang linggong pagbibigay-alam sa inyong pinagtatrabahuhan. **Puwede ring kansilahin ng inyong pinagtatrabahuhan ang kasunduan** sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa inyo sa loob ng isang makatwirang panahon.

Bayad para sa Overtime

Para sa bawat oras na kayo ay nagtrabaho ng higit sa 44 na oras sa isang linggo, kailangan kayong bayaran ng inyong pinagtatrabahuhan ng hindi kukulangin sa 1½ ng inyong regular na sahod ("time and a half"). Kahit na sumasang-ayon kayo sa isang nakasulat na kasunduan na kayo ay magtatrabaho ng higit sa 48 oras sa isang linggo, kailangang bayaran kayo ng inyong pinagtatrabahuhan ng bayad para sa overtime para sa bawat oras na kayo ay nagtatrabaho ng higit sa 44 na oras sa isang linggo.

Puwede ninyong pagkasunduan ng inyong pinagtatrabahuhan sa isang nakasulat na kasunduan ang mga batay sa kabuuang oras ng inyong pagtatrabaho sa loob ng dalawang linggo o higit pa upang kalkulahin ang halaga ng bayad para sa overtime. Kung pumirma kayo sa isang kasunduan, kailangan ring kunin ng inyong pinagtatrabahuhan ang pahintulot ng Direktor ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards) ng Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour). **Hindi ninyo kailangang pirmahan ang kasunduan kung ayaw ninyong ibatay sa kabuuang oras ng inyong pagtatrabaho ang inyong mga oras ng overtime.**

Kailangang may petsa ng pagtatapos ang mga kasunduang ito at hindi puwedeng kansilahin maliban kung pinagkasunduan ninyo ng inyong pinagtatrabahuhan.

Mga Empleadong Miyembro ng Unyon

Sa karaniwan, kung kayo ay kinakatawanan ng isang unyon, ang inyong unyon ang makikipagkasundo sa inyong pinagtatrabahuhan para sa inyo.

Mga Panahon ng Pamamahinga at Panahon para Kumain

Kailangang bigyan kayo ng inyong pinagtatrabahuhan ng hindi kukulangin sa:

- 11 magkakasunod na oras sa isang araw na hindi nagtatrabaho. Ang isang "araw" ay 24-oras—hindi ito kinakailangang maging isang buong araw;
- 8 oras na hindi nagtatrabaho sa pagitan ng mga turno ng trabaho (maliban kung hindi higit sa 13 oras ang kabuuang mga oras ng pagtatrabaho sa mga turno ng trabaho o may iba kayong nakasulat na pinagkasunduan ng inyong pinagtatrabahuhan); at
- 24 na magkakasunod na oras na hindi nagtatrabaho sa bawat isang linggo ng trabaho, o 48 magkakasunod na oras na hindi nagtatrabaho tuwing dalawang linggo ng trabaho.

Kailangang mayroon rin kayong 30-minuto para kumain matapos ang hindi humihigit sa limang oras ng pagtatrabaho. Puwede ninyong pagkasunduan ng inyong pinagtatrabahuhan na hatiin itong panahon para kumain sa dalawang maikling break.

Protektado ang Inyong Mga Karapatan

Hindi kayo puwedeng takutin, sisantihin, suspindihin, bawasan ng sahod, parusahan sa anumang paraan, o pagbantaan na gagawin ang alinman na mga ito dahil:

- ayaw ninyong magtrabaho ng higit pa sa pinakamaraming oras ng pagtatrabaho sa isang araw o sa isang linggo;
- ayaw ninyong pumirma sa isang kasunduan na kayo ay magtatrabaho ng higit pa sa pinakamaraming oras ng pagtatrabaho sa isang araw o sa isang linggo;
- ayaw ninyong magtrabaho ng higit pa sa mga labis na oras na sumang-ayon kayong magtrabaho; o
- nagtatanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan alinsunod sa ESA.

Kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) kung mangyari ito. Matutulungan kayo ng mga tauhan ng Ministri na maintindihan ang inyong mga karapatan, sagutin ang inyong mga katanungan at imbestigahan ang inyong reklamo.

Bigyan ng Pansin: Kung kayo ay kinakatawanan ng isang unyon at sa palagay ninyo ay linalabag ang inyong mga karapatan, kailangan ninyong kausapin muna ang inyong kinatawan sa unyon bago ninyo kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour).

Kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour)

Tawagan ang Information Centre ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards) sa 416-326-7160 o tawagan nang walang-bayad ang 1-800-531-5551.

Bumisita sa pinakamalapit na tanggapan ng Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) (matatagpuan ang mga direksiyon sa asul na pahina ng direktoryo ng telepono).

Tingnan ang www.gov.on.ca/lab para sa karagdagang impormasyon at upang kontakin ang ministri sa pamamagitan ng e-mail.